MGA LUGAR NG PAGTUTOK

- Access sa kalidad, abot-kaya, ligtas at nakahalo sa kulturang edukasyon.
- Access sa kalidad, abot-kaya at angkop sa kultura na mge serbisyong pangkalusugan at panlipunan.
- Patas na partisipasyon sa pagpapaunlad na ekonomiko, komunidad at puwersa ng manggagawa.
- Karampatang karapatang pantao at sibil, kasama ang hustisyang migrante at refugee.

MGA GAWAIN NG CAPAA

Upang matugunan ang misyon nito, ang Commission on Asian Pacific American Affairs ay nagsisilbi ng ilang mga gawain at tungkulin. Kasama rito ang:

- **Pananaliksik at pagsusuri.** Upang suriin at tukuyin ang mga isyu ng AAPI at upang gumawa ng mga rekomendasyon sa gobernador, mga mambabatas at mga ahensiya ng estado nang may respeto sa mga nais na pagbabago sa programa at batas.
- **Pagpayo at adbokasiya.** Upang payuhan ang Gobernador, estado at lokal na mga opisyal ng publiko sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng komprehensibo at isinaayos na mga patakaran, mga plano, at mga programa na nakatutok sa mga espesyal na mga problema at pangangailangan ng mga Asyanong Amerikano at mga Taga-isla Pasipiko.
- **Edukasyon.** Upang turuaan ang komunidad ng AAPI tungkol sa mga batas, mga programa at mga patakaran na nakaaapekto sa kahusayan ng kalagayan nito.
- **Namamagitan at sanggunian.** Upang gawing mas accessible ang pamahalaan sa pamamagitan ng pagsilbing pumapagitna at sanggunian sa pagitan ng mga komunidad ng AAPI at mga ahensiya ng estado.
- **Dulugan.** Upang magsilbing dulugan sa pamamagitan ng mga materyales na pang-edukasyon, teknikal na tulong, mga tinutukoy ng ahensiya, casework at mga forum ng komunidad.

M I S Y O N

Upang pabutihin ang kahusayan ng kalagayan ng mga Asya Pasipikong Amerikano sa pamamagitan ng pagsiguro sa access nila sa paglahok sa mga larangan ng pamahalaan, negosyo at edukasyon at ibang mga saklaw.
(Chapter 43.117 RCW)

CAPAA

210 11th Avenue Southwest, Suite 301A
Olympia, WA 98504-0925
Telepono: (360) 725-5667
fax: (360) 586-9501
email: capaa@capaa.wa.gov
website: www.capaa.wa.gov

ANG ESTADO NG WASHINGTON

COMMISSION ON ASIAN PACIFIC AMERICAN AFFAIRS

CAPAA

KASAYSAYAN

Dahil sa laganap na diskriminasyon at mga hadlang sa access sa mga serbisyo ng pamahalaan, isang pangkat ng lokal na mga miyembro ng komunidad na Asyanong Amerikano at Taga-Isla Pasipiko ay nakipagkita sa Gobernador noong 1971 upang suriin ang malawak na sakop ng mga isyu na kinahaharap ng populasyon sa mga lugar ng trabaho, edukasyon, mga panlipunang serbisyo, kaunlaran ng komunidad,imigrasyon, at mga panlipunang karapatan. Noong Enero 1972, nilikha ni Gobernador Evans ang The State Asian Advisory Council sa pamamagitan ng ehekutibang utos. Noong Pebrero 26, 1974, ang ika-43 na Washington State Legislature ay pormal na lumikha ng The State of Washington Commission on Asian American Affairs bilang ahensiya ng estado. Noong Abril 17, 1995, nilagdaan ni Gobernador Mike Lowry ang isang batas na magbabago sa pangalan ng Komisyon sa Washington Commission on Asian Pacific American Affairs (CAPAA) upang isama ang mga Taga-Isla Pasipiko.

Ang 36 na taong kasaysayan ng CAPAA ay nagmamarka ng pamana sa adbokasiya, edukasyon ng komunidad, at outreach, pati na ang interagency at mga pakikipagtulungan ng komunidad upang pabutihin ang kahusayan ng kalagayan ng mga komunidad ng AAPI. Kasama sa mga nakaraan at kasalukuyang aktibidad nito ay:

- ◊ Pagbubuo at pagmementina ng mga organisayon ng AAPI at mga samahan upang tugunan ang mga isyu ng AAPI.
- ◊ Pagsasaayos at pagtulong sa koordinasyon ng mga komperensiya at mga forum ng komunidad AAPI upang tukuyin, unahin at tugunan ang mga isyu ng AAPI.
- ◊ Nakikipagtulungan sa mga ahensiya ng estado at mga organisasyon sa komunidad upang tugunan ang lehislasyon sa pederal at lokal na lebel.
- ◊ Nagbibigay ng mga ulat sa kalagayan ng mga kinabibilangan ng AAPI sa Washington.
- ◊ Ina-update ang mga komunidad sa lehislasyon at paggawa ng polisiya.
- ◊ Nagsisilbi sa mga komite at mga task force na na nagbibigay ng boses para sa komunidad ng AAPI.
- ◊ Nag-aayos ng buong estadong APA Buwan ng Kasaysayan na mga selebrasyon sa buwan ng Mayo at tumutulong sa APA Legislative Day.

PAGBUBUO NG MGA RELASYON

Ang Commission on Asian Pacific American Affairs ay nangangako sa pagpapalawak at pag-aalaga ng mga relasyon sa pagitan ng mga komunidad ng AAPI at ng pamahalaan ng estado pati na ang pagpapalakas sa mga relasyon sa pagitan ng mga etnikong komunidad. Tumutugon kami sa mga pangangailangan ng komunidad sa pamamagitan ng pakikipagtulungan kasama ng Gobernador, lehislatura ng estado, mga ahensiya ng estado, ang pribadong sektor, at ang mga komunidad ng AAPI sa mga isyu na tungkol sa mga AAPI upang magdulot ng mga pangmatagalang solusyon. Aabisuhan namin ang komunidad ng AAPI tungkol sa lehislasyon, mga polisiya at mga programa na nakaaapekto sa kahusayan ng kalagayan nila.

TAGAPAGPAYONG LUPON

Ang Komisyon ay may lupon ng tagapag-payo na binubuo12 tinalaga-ng-Gobernador na mga komisyoner na kumakatawan sa saganang pagkakaiba ng estado. Ang bawat komisyoner ay magsisilbi ng tatlong-taong termino at maaaring magsilbi nang dalawang magkasunod na mga termino. Ang mga pulong ng Komisyon ay bukas sa publiko.

POPULASYON

Ang Washington ang may pinakamabilis na lumalaking populasyon ng AAPI mula sa mga estado na may mataas na porsiyento ng AAPI. Ang kabuuang bilang ng mga AAPI ay tumaas mula sa 110,052 noong 1980 hanggang 674,573 noong 2011. Ang matuling paglaki ay bahagyang dulot ng mga Southeast Asian na mga refugee at mga migrante.

Bumubuo ang AAPI ng mahigit sa 47 etnikong pangkat na mayaman sa kanilang sariling tradisyong kultura, mga wika at mga kasaysayan. Pinabubuti nila ng pagkakaiba ng kultura at mahusay na nagbibigay sa panlipunan, politikal at ekonomikong kabuuan ng Estado ng Washington.

Mga bansang may pinakamalaking bilang ng kabuuang AAPI ng estado noong 2010

- **King: 353,702 o 52.4% ng kabuuang mga AAPI ng estado**
- **Pierce: 85,743 o 12.7%**
- **Snohomish: 84,201 o 12.5%**
- **Clark: 28,146 o 4.2%**
- **Kitsap: 23,064 o 3.4%**
- **Thurston: 21,728 o 3.2%**
- **Spokane: 18,545 o 2.7%**

2010 Populasyon ng AAPI ayon sa Etnisidad

- **Tsino: 94,198 o 14.0% ng kabuuang mga AAPI ng estado**
- **Pilipino: 91,367 o 13.5%**
- **Vietnamese: 66,574 o 9.9%**
- **Koreano: 62,374 o 9.2%**
- **Asyanong Indian: 61,124 o 9.1%**
- **Hapon: 35,008 o 5.2%**
- **Samoan: 13,110 o 1.9%**
- **Guam: 9,746 o 1.4%**
- **Hawaiian: 5,861 o 0.9%**
- **Iba pa: 82,179 o 12.2%**
- **Ang mga AAPI ng pinagsamang etnisidad: 153,031 o 22.7%**

Halimbawa ng mga Wika at Diyalekto ng APA

Amoy
Bangla
Bengali
Bhojpuri
Bikolano
Burmese
Butuanon
Cambodian (Khmer)
Cantonese
Cebuano
Chamorro
Chow-Chew
Dzongkha
Ingles
Faasamoa
Fijan
Pranses
Gujarati
Hakka
Hangchouse
Hawayano
Hiligaynon
Hindi-Urdu
Hmong
Ibang
Ilokano
Ilonggo
Indonesian
Hapon
Kamkayaey
Kannada
Kmhmu
Koreano
Laotian
Maighali
Malay
Malayalam
Mandarin
Marathi
Mien
Nepalese
Pampanggo
Pangasinense
Punjabi
Pushtu
Putonghua
Samoan
Sanskrit
Shanghai
Sinhalese
Sindhi
Soochouses
Tagalog
Tahitian
Taiwanese
Tamil
Telugu
Thai
Tibetan
Toishanese
Tongan
Tulu
Urdu
Vietnamese
Bisaya
Waray-Waray
Yao